

PINOPROTEKTAHAN NG MGA BATAS NA ITO ANG MGA MANGGAGAWA, ANO PA MAN ANG KATAYUAN SA IMIGRASYON O LOKASYON NG NETWORK COMPANY NG MANGGAGAWA. ANG MGA NETWORK COMPANY AY DAPAT SUMUNOD SA MGA BATAS NA ITO. LABAG SA BATAS ANG MAGHIGANTI.



**Seattle Office of
Labor Standards**

Abiso ng mga Karapatan para sa mga Manggaga- wang App-Based sa 2024

Dapat ipakita ang abisong ito sa online na aplikasyon o platform ng network company sa English at sa (mga) wikang ginagamit ng manggagawa.

SINO ANG SINASAKLAW NG MGA BATAS NA ITO?

Ang mga Manggagawang App-Based na nagtatrabaho sa loob ng Seattle para sa saklaw na **network company** na nangangasiwa sa trabaho ng hindi bababa sa 250 manggagawang app-based sa buong mundo. Ang isang saklaw na network company ay:

- Gumagamit ng mga online na aplikasyon o platform upang ikonekta ang mga customer sa mga manggagawang app-based;
- Naghahayag ng mga alok sa mga manggagawang app-based; at/o
- Nangangasiwa sa pagbibigay ng mga serbisyo para sa kompensasyon ng mga manggagawang app-based.

Ang mga “Marketplace Network Company” na pangunahing naghahayag ng mga alok na may paunang iskedyul, nagbibigay-daan sa mga customer na makipagpalitan ng impormasyon tungkol sa trabaho sa mga manggagawang app-based, nagbibigay-daan sa mga manggagawang app-based na itakda ang kanilang sariling mga rate, at hindi nagsusubaybay ng mga alok ayon sa mileage at oras **ay hindi saklaw**.

MINIMUM NA BAYAD PARA SA MGA MANGGAGAWANG APP-BASED

Nagbibigay sa mga Manggagawang App-Based ng karapatang makatanggap ng minimum na bayad para sa kanilang “Iginugol na Oras (Engaged Time)” at “Iginugol na Milya (Engaged Miles)”.

IGINUGOL NA ORAS

Mga on-demand na network company o on-demand na alok:

- Nagsisimula kapag tinanggap na ng manggagawang app-based ang alok.
- Nagtatapos kapag nakompleto na ng manggagawa ang alok, nakansela ang alok, o kinansela ng manggagawa ang alok nang may dahilan.

Lahat ng iba pang network company o alok:

- Nagsisimula kapag sinimulan na ng manggagawang app-based ang trabaho o nagpakita na sa lokasyong nakasaad sa alok.
- Nagtatapos kapag nakompleto na ang trabaho, nakansela ang alok, o kinansela ng manggagawa ang alok nang may dahilan.

IGINUGOLNA MILYA

Milyang nilakbay sa loob ng iginugol na oras

Ang minimum na bayad sa bawat alok ay kung ano ang mas mataas sa:

\$0.44/minuto + \$0.74/milya

—0—


\$5.00

Kung magsisimula sa Seattle ang isang alok, babayaran ang manggagawa nang hindi bababa sa minimum para sa lahat ng kaniyang iginugol na oras at milya. Kung hindi magsisimula sa Seattle ang isang alok ngunit dadaan o magseserbisyo ito sa Seattle bilang bahagi ng trabaho, ipapataw lang ang minimum na bayad sa iginugol na oras at milya sa loob ng mga hangganan ng Lungsod ng Seattle.


ANO ANG “ON DEMAND” NA NETWORK COMPANY O “ON DEMAND NA ALOK”?

Isang kompanyang nag-aalok ng, o isang indibidwal na alok para sa, paghahatid o iba pang serbisyo na dapat simulan sa loob ng 2 oras pagkatanggap ng manggagawa sa alok.


ANG KOMPANYANG ITO AY:



Isang on-demand na network company



Isang marketplace network company



Isang network company, ngunit wala sa nabanggit

KARAPATAN SA FLEXIBILITY

May karapatan ang mga manggagawang app-based na magpasya kung kailan sila available at kung aling mga alok ang tatanggapin/tatanggihan nila. Hindi maaaring magsagawa ng mapaminsalang kilos ang mga network company laban sa mga manggagawang:

- Naglilimita sa kanilang mga oras ng availability
- Tumatanggap o tumatanggi sa anumang alok
- Nagkakansela ng alok nang may dahilan

MGA KARAPATAN SA TIP

May karapatan ang mga Manggagawang App-based na magkaroon ng malinaw na impormasyon tungkol sa patakaran sa tip ng kompanya.

- Dapat sabihin kung pinapayagan sa app na maagang makatanggap ng tip ang mga customer
- Dapat sabihin kung maaaring baguhin o alisin ng mga customer ang mga tip kapag tapos na ang trabaho
- Dapat ibayad ang lahat ng tip sa mga manggagawang app-based
- Hindi ibinibilang ang mga tip bilang bahagi ng minimum na bayad

KARAPATAN SA TUWIRANG IMPORMASYON

Dapat ibigay ng mga network company o siguruhing ibinigay ng isang customer sa manggagawa ang:

- Pagtatantiya sa igugugol na oras at igugugol na milya
- Garantisadong minimum na bayad
- Halaga ng anumang tip na sinabi ng customer na ibabayad niya
- Mga pangalan ng mga negosyong kinakailangang daanan ayon sa alok
- Impormasyon tungkol sa kinakailangang pisikal na trabaho (hal. timbang ng mga kalakal, dami ng baitang ng hagdan)
- Impormasyon tungkol sa ilang partikular na di-selyadong nilalaman ng mga online na order

MGA KARAPATAN SA PATAKARAN SA MAPANLINLANG NA PAGGAMIT

May karapatan ang mga manggagawang app-based sa isang malinaw na pahayag tungkol sa patakaran sa mapanlinlang na paggamit ng network company at kung saan ito makikita ng manggagawa.

MAY BAYAD NA ORAS PARA SA PAGKAKASAKIT AT KALIGTASAN

MAY KARAPATAN ANG MGA MANGGAGAWANG APP-BASED NA/SA:

- Makakuha nang hindi bababa sa isang araw ng May Bayad na Oras para sa Pagkakasakit at Kaligtasan (PSST, Paid Sick and Safe Time) sa bawat 30 araw na nagtrabaho sa Seattle
- Bilangin ang anumang araw na may pick-up o drop-off sa Seattle para sa makukuhang may bayad na oras para sa pagkakasakit at kaligtasan
- Buwanang abiso ng naipong may bayad na oras para sa pagkakasakit at kaligtasan, halagang available, nagamit na, at rate ng bayad para sa may bayad na oras para sa pagkakasakit at kaligtasan
- Mabayaran ng kanilang average na rate ng kompensasyon kada araw para sa bawat araw na ginamitan ng may bayad na oras para sa pagkakasakit at kaligtasan
- Gamitin ang available na time off o pahinga sa trabaho nang paunti-unti sa loob ng 24 na oras
- Accessible na sistema upang magamit, maunawaan at makahiling ng may bayad na oras para sa pagkakasakit at kaligtasan

MAGAGAMIT ANG MAY BAYAD NA TIME OFF PARA SA MGA DAHILANG ITO:

ORAS PARA SA PAGKAKASAKIT: Upang mapangalagaan ang kondisyon ng kalusugang pisikal o mental, kabilang na rito ang mga appointment sa pagpapagamot, para sa kanilang mga sarili o kapamilya

ORAS PARA SA KALIGTASAN: Mga dahilang may kinalaman sa karahasan sa bahay, seksuwal na pag-atake, stalking, pagsasara ng trabaho ayon sa utos ng opisyal sa kalusugan ng publiko, kapag sarado ang paaralan o lugar ng pangangalaga, na nakaaapekto sa kanilang mga sarili o kapamilya

KARAPATANG TUTULAN ANG HINDI PAGBIBIGAY NG KOMPENSASYON

Posibleng hindi ibigay ng mga network company ang kompensasyon kung gagamitin ng isang manggagawang app-based ang may bayad na oras para sa pagkakasakit at kaligtasan para sa mga di-awtorisadong dahilan. Ang mga manggagawang app-based ay may karapatang tutulan at panindigan na para sa awtorisadong layunin ang kanilang paggamit sa may bayad na oras para sa pagkakasakit at kaligtasan.

ALAMIN ANG IYONG MGA KARAPATAN

BAWAL MAGHIGANTI

Pinoprotektahan ng mga batas na ito ang mga manggagawang app-based laban sa paghihiganti nang dahil sa pagtamasa o paggamit nila sa mga karapatang ito.

KARAPATANG MAGHAIN NG REKLAMO

May karapatan ang mga manggagawang app-based na maghain ng reklamo sa Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa (OLS, Office of Labor Standards) o magsampa ng demanda kung nilalabag ng isang saklaw na network company ang mga batas na ito.

MAKIPAG-UGNAYAN SA: TANGGAPAN NG MGA PAMANTAYAN SA PAGGAWA

Mga Network Company

Makakuha ng teknikal na tulong at/o makatanggap ng pagsasanay

Mga Manggagawang App-Based

Maghain ng reklamo sa OLS o magsampa ng demanda sa korte

206-256-5297

www.seattle.gov/laborstandards



Seattle Office of Labor Standards

810 THIRD AVE, SUITE 375

SEATTLE, WA 98104

ORAS: 8:00 AM– 4:00 PM (LUNES–BIYERNES)

LABORSTANDARDS@SEATTLE.GOV

Ang misyon ng Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa ay isulong ang mga pamantayan sa paggawa sa pamamagitan ng mapagmalasakit na pakikipag-ugnayan sa komunidad at negosyo, estratehikong pagpapatupad at pagtataguyod ng makabagong patakarang nang may paninindigan sa katarungang panlahi at panlipunan.

Ang Tanggapan ng mga Pamantayan sa Paggawa ay nagbibigay ng mga pagsasalin, interpretasyon, at akomodasyon para sa mga taong may mga kapansanan.